Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# Baitang 5 FILIPINO Modyul 4

**Development & Editorial Team**

| | |
|---|---|
| **Writer:** | Ms. Loida M. De Guzman |
| **Illustrator:** | Ms. Loida M. De Guzman |
| **Layout Artist:** | Ms. Anna Lisa T. Magbitang |
| **Content Editors:** | Mrs.Ofelia F.Cruz Ms. Marites M.Tabor Mr. Angelo C. Espiritu |
| **Language Editors:** | Mrs. Ofelia F. Cruz Mrs. Rowena R. Gutierrez |
| **Management Team:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR<br>Dr. Mauro C. De Gulan, SDS SDO – Malabon City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief - NCR<br>Dr. Josefina M. Pablo, CID Chief SDO Malabon City<br>Dr. Ma. Gloria G. Tamayo EPS, FILIPINO - NCR<br>Mr. Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR<br>Ms. Ofelia F. Cruz SDO EPS, Filipino/ MTB- Malabon City<br>Ms. Dalisay E. Esguerra, LR EPS SDO – Malabon City<br>Ms. Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR<br>Ms. Ana Lisa M. Mesina, PDOII SDO – Malabon City |

**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)**

# MODYUL 4: PAGGAWA NG ISANG TIMELINE BATAY SA NABASANG KASAYSAYAN

## INAASAHAN

- Naibabahagi ang isang pangyayaring nasaksihan F5PS -IIIb - e -3.1
- Nakagagawa ng isang *timeline* batay sa nabasang kasaysayan F5PB -Ie -18
- Naisasalaysay muli ang napakinggang teksto F5PS -IIIf - h -6.6

## UNANG PAGSUBOK

**Panuto:** Ibahagi ang isang masayang pangyayaring nasaksihan sa paaralan bago naganap ang pandemya sa pamamagitan ng pagsulat ng maikling talata.

________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________

## BALIK-TANAW

**Panuto:** Tukuyin kung tauhan o tagpuan ang inilalahad sa bawat bilang.

_______1. Masayahing bata si Loida.
_______2. Bilang isang mag-aaral, alam niya ang kaniyang responsibilidad.
_______3. Tahimik ang paligid. Makikita sa bukana ang madamong bakuran.
_______4. Madasalin, masunurin at magalang na bata ang kanilang anak.
_______5. Sa gawing Timog naroroon ang burol na naging saksi ng kanilang kabataan.

## MAIKLING PAGPAPAKILALA NG ARALIN

Sa paggawa ng *timeline* kailangang alamin ang linyang gagamitin kung patayo o pahalang na *timeline*. Isulat ang mga mahahalagang petsa o taon sa *timeline* ayon sa pagkasunod-sunod ng mga pangyayari at pagkatapos isulat ang mga impormasyon ng mga tao o pangyayaring may kaugnayan sa petsang isinulat. Dapat maikli at tiyak lamang ang mga salitang isusulat sa *timeline*.

Halimbawa ng *Timeline* ng Isang Mag-aaral sa Baitang 5

| 2010 | → | 2011 | → | 2015 | → | 2016 - 2021 |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Kapanganakan | | Pagbibinyag | | Kinder | | Baitang 1-5 |

**GAWAIN:**
Panuto: Gumawa ng isang *timeline* na nagpapakita ng mga pambansang pagdiriwang sa ating bansa mula Enero hanggang Disyembre. Isulat ang mahahalagang kaganapan sa bawat buwan.

Enero:
<u>Bagong Taon</u>

→ Pebrero:
________
________
________
________
________
________
________

→ Marso:
________
________
________
________
________
________
________

→ Abril:
________
________
________
________
________
________

↓ Agosto:
________
________
________
________
________
________

← Hulyo:
________
________
________
________
________
________

← Hunyo:
________
________
________
________
________
________

← Mayo:
________
________
________
________
________
________
________

↓ Setyembre:
________
________
________
________
________
________

→ Oktubre:
________
________
________
________
________
________

→ Nobyembre:
________
________
________
________
________
________


→ Disyembre
:
________
________
________
________
________

**TANDAAN**


Ang *timeline* ay isang linyang grapiko na nagpapakita ng pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari. Maaaring gumamit ng linyang patayo o pahalang. Dapat ilagay ang mahahalagang petsa sa timeline ayon sa pagkasunod-sunod nito at magbigay ng tiyak at maikling paglalarawan o impormasyon ng mga tao o pangyayari batay sa petsang tinutukoy o isinulat sa timeline. Ipinakikita nito ang mahalagang kaganapan sa mga nakaraang taon o sa kasaysayan.

**PAG-ALAM SA MGA NATUTUHAN**
**Panuto:**

**A.** Batay sa nabasang kasaysayan ng mga naging pangulo ng bansa mula noong 1899 hanggang sa kasalukuyan, gumawa ng isang timeline na nagpapakita ng pagkasunod-sunod ng kanilang pamumuno at mahahalagang pangyayaring kaugnay nito.



**B.** Gamit ang nabuong timeline isalaysay muli ang mga mahahalagang impormasyon sa isang miyembro ng pamilya.



**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT**

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang teksto. Pagkatapos gumawa ng *timeline* gamit ang talaan sa ibaba bilang gabay. Isulat ang mahahalagang petsa at pangyayari batay sa nabasang kasaysayan ng ating wikang pambansa.

**Kasaysayan ng Wika**

Ang kasaysayan ng ating wikang pambansa ay nagsimula noong Nobyembre 1936, nang itinatag ang Surian ng Wikang Pambansa na pinagtibay ng Batas Komonwelt Blg. 184. Binigyan ang ahensiya ng tungkuling “pag-aralan at pumili ng isang pambansang wika mula sa iba’t ibang diyalektong ginagamit sa bansa. Sa bisa ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 134 noong 1937, ibinatay sa wikang Tagalog ang wikang pambansa.

Ipinalabas naman ni Pangulong Manuel Luis Quezon noong 1940 ang Kautusang Tagapagganap Blg. 263 na pinapayagan nang gamitin ang wikang pambansa sa paglilimbag ng isang diksyonaryo at balarila. Noong Hunyo 19, 1940 pinasimulan din ang pagtuturo ng wikang pambansa sa mga publiko at pribadong paaralan sa bansa.

Simula noong Hulyo 4, 1946 ang pambansang wikang Tagalog ay isa na sa mga opisyal na wika ng bansa ayon sa pagpapatibay ng Batas Komonwelt Blg. 570. Ang Proklamasyon Blg. 12 naman ay nilagdaan ni Pangulong Ramon Magsaysay noong Marso 26, 1954, na nagsasaad ng taunang pagdiriwang ng Linggo ng Wikang Pambansa mula Marso 29 hanggang April 4. Subalit ito ay inilipat sa buwan ng Agosto 13-19 at ipinagdiriwang taon-taon bilang paggunita sa kapanganakan ni Pangulong Manuel Luis Quezon.

Noong Agosto 13, 1959, nilagdaan ni Jose E. Romero ang Kautusang Pangkagawaran Blg.7 na nagpapahayag na ang wikang pambansa ay tatawaging Pilipino. Samantalang pinirmahan naman ni Pangulong Marcos ang Kautusang Tagapagpaganap Blg.96 noong Oktubre 24, 1967 na nagsasaad na bibigyan ng pangalang Pilipino ang lahat ng mga gusali at tanggapan ng pamahalaan sa buong bansa.

Ang ating bansa noong 1973 ay may dalawang opisyal na wika- Ingles at Pilipino. Kaya naman nilikha ang Saligang Batas 1973, Artikulo XV, Seksyon 3, Blg 2 upang ang Batasang Pambansa ay magsasagawa ng mga hakbang tungo sa pagpapaunlad at pormal na paggamit ng wikang Filipino.

Noong 1987 lamang tinawag na Wikang Filipino ang wikang pambansa. Nakasaad sa Saligang Batas 1987, Artikulo XIV Seksyon 6 na, “Ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino. Dapat payabungin at pagyamanin pa salig sa umiiral na mga wika sa Pilipinas at sa iba pang mga wika.” Sa kasalukuyan tayo ay nagdiriwang ng Buwan ng Wika tuwing buwan ng Agosto sa bisa ng Proklamasyon Blg.104 noong 1997.

| Kasaysayan ng Wikang Pambansa | |
|---|---|
| Petsa | Pangyayari |
| Nobyembre 1936 | Itinatag ang Surian ng Wikang Pambansa |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |

## SUSI SA PAGWAWASTO

**SUSI SA PAGWAWASTO**
**UNANG PAGSUBOK**

- Iba-iba ang kasagutan ng mga mag-aaral batay sa masasayang pangyayaring nasaksihan sa paaralan bago naganap ang pandemya

**BALIK-TANAW**

1. tauhan 2. tauhan 3. tagpuan 4. tauhan 5. tagpuan

**GAWAIN**

Mga maaaring sagot ng mga mag-aaral:

Enero 1– Bagong Taon
Pebrero – Araw ng mga Puso, Araw ng Rebolusyong Edsa
Marso – Buwan ng Kababaihan
Abril – Mahal na Araw, Araw ng Kangitingan
Mayo – Araw ng Manggagawa, Flores de Mayo o Santakrusan
Hunyo – Araw ng Kalayaan
Hulyo – Buwan ng Nutrisyon
Agosto – Buwan ng Wika, Araw ng mga Bayani
Setyembre – Buwan ng Palakasan
Oktubre – Araw ng mga Nagkakaisang Bansa
Nobyembre – Araw ng mga Patay
Disyembre - Pasko

**PAG-ALAM SA NATUTUHAN**

**A.** Ang mga mag-aaral ay gagawa ng timeline batay sa nabasang kasaysayan ng mga naging pangulo ng bansa.
**B.** Pagsasalaysay muli sa nabasang teksto gamit ang nabuong timeline.

**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT**

| Kasaysayan ng Wikang Pambansa | |
|---|---|
| Petsa | Pangyayari |
| Nobyembre 1936 | Itinatag ang Surian ng Wikang Pambansa |
| 1937 | Sa bisa ng Kautusang Tagapagpagana Blg 134 ibinatay sa Wikang Tagalog ang Wikang Pambansa |
| 1940 | Pinapayagan nang gamitin ang wikang pambansa sa paglilimbag ng isang diksyonaryo at balarila mula sa Kautusang Tagapagpaganap Blg. 263 |
| Hunyo 19, 1940 | Pinasimulan din ang pagtuturo ng wikang pambansa sa mga publiko at pribadong paaralan sa bansa |
| Hulyo 4, 1946 | Ang Pambansang wikang Tagalog ay isa na sa mga opisyal na wika ng bansa ayon sa pagpapatibay ng Batas Komonwelt Blg. 570 |
| Marso 26, 1954 | Ang Proklamasyon Blg. 12 na nagsasaad ng taunang pagdiriwang ng Linggo ng Wikang Pambansa mula Marso 29 hanggang April 4 |
| Agosto 13, 1959 | nilagdaan ni Jose E. Romero ang Kautusang Pangkagawaran Blg.7 na nagpapahayag na ang wikang pambansa ay tatawaging Pilipino |
| 1973 | Ang ating bansa ay may dalawang opisyal na wika- Ingles at Pilipino |
| 1987 | Tinawag na Wikang Filipino ang wikang pambansa |

## SANGGUNIAN

DepEd Commons K12 MELC's